ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 7| July 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PAGSUSURI SA KAMALIAN SA SANAYSAY NG MGA MAG-AARAL SA ANTAS SEKUNDARYA

**Shenivel E. Bante[1], Khaea P. Nodado[2], Shane N. Anudin[3], Aubrey Ann A. Jetoya[4], Diza M. Rolida, Ed.D. [5]**

*[1]St. Mary's College of Tagum, Inc., National Highway, Tagum City, 8100, Philippines*

**ABSTRAK**

*Nilalayon ng kwalitatibong-diskurso na pag-aaral na ito na matukoy ang mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa antas Sekundarya sa pagsulat ng sanaysay gamit ang wikang Filipino. Nakabatay ang pananaliksik na ito sa iminungkahi ni Stephen Pit Corder (1973) na Target Modification Taxonomy na may apat na kategorya kabilang ang pagkakaltas, pagdaragdag, maling pagpili ng salita, at maling pagkakaayos ng mga salita. Isinagawa ang pag-aaral na ito sa isang pribadong paaralan sa lungsod ng Tagum, Davao del Norte, Philippines. Sinuri ang dalawampung (20) sanaysay na isinumite ng mga mag-aaral sa antas Sekundarya na pinili gamit ang purposive sampling. Lumabas sa resulta na nagtamo ang mga mag-aaral sa antas Sekundarya ng kamalian sa kategoryang pagkakaltas ng mga mahahalagang elementong pambalarila tulad ng gitling, titik para sa tamang pagbaybay ng salita at paggamit ng angkop na pang-ugnay sa pangungusap gayundin sa kategoryang pagdaragdag ng mga titik o letra pati na rin sa pagdaragdag ng gitling at kuwit. Nagtamo rin ang mga partisipante ng kamalian sa pagpili ng angkop na salita at maling pagkakaayos ng mga salita. Samakatuwid, ang mga kamaliang natukoy ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa antas sekundarya ay may kakulangan sa kaalaman tungkol sa mga tuntuning pambalarila. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay makatutulong sa pang-akademikong sektor na masolusyonan ang nakatagong suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral at mabigyan ng tamang gabay ang mga kabataang nagnanais na magtagumpay sa kanilang pagkatuto.*

**MAHAHALAGANG SALITA:** *kamalian sa sanaysay, antas sekundarya, kamalian sa Filipino, balarilang Filipino, diskurso, korpora, Corder, Lungsod ng Tagum, Davao del Norte, Pilipinas*

## INTRODUKSYON

Ang kahinaan sa pagsulat ng mag-aaral ay nakababahala at isang suliranin na kahaharapin ng guro sa asignaturang Filipino. Sa pang-araw-araw, nagagamit ang wikang Filipino sa pakikipag-usap at pakikipaghalubilo sa kapwa. Sa pag-aaral nina Syed et al. (2020) sa iba't ibang unbersidad sa Pakistan na nakitaan ng lubhang kamalian sa paggamit ng bantas na dulot ng kakulangan sa kakayahan, pagsasanay, at pagtuturo mula sa mga guro.

Samantala, sa Pilipinas, sa isang pribadong paaralan sa Lungsod ng Cauayan, Isabela, lumabas sa resulta na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng dagok sa pagbubuo ng mga ideya na nagreresulta sa kawalan nila ng ganang sumulat. Ayon kay Galingana (2019), naobserbahan niya na may pagkakaroon ng pagpapalit-koda sa mga sulating pasalaysay ng mga estudyante na nahahaluan ng mga salitang Iloko na nangyayari dahil ang wikang kinagisnan ng mga mag-aaral ay nangunguna at pumapangalawa lamang ang Filipino. Sa kabilang banda, ang lingguhang gawain ng isang pampublikong paaralan sa Lungsod ng Dagupan, Pangasinan ay nakitaan na walang leksikon ang mga isinumiteng modyul ng mga mag-aaral sa ika-sampung baitang sa paggamit ng wastong bantas at salita sa pasalaysay na sulating Filipino (Dolor, 2019). Sa Lungsod ng Tagum, sa isa sa mga pribadong paaralan, ayon sa isang guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino, mas madalas ginagamit ang pagpapalit-koda ng wikang Bisaya at wikang Ingles sa mga impormal na talastasan na maaaring nagpapahiwatig ng kahinaan ng mga estudyante sa pagkatuto ng wikang Filipino.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang isinagawang pananaliksik ay may layuning gumawa ng kwalitatibong-diskuro na pananaliksik hinggil sa mga karaniwang nagawang pagkakamali ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pang-akademikong sanaysay sa isang pribadong paaralan sa Sekundaryang lebel ng Lungsod ng Tagum.

## KATANUNGAN SA PANANALIKSIK

1. Ano-ano ang mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay?

## TEORETIKAL NA POKUS

Lubos na nananalig ang pag-aaral na ito sa *Target Modification Taxonomy* ni Stephen Pit Corder (1973), kung saan ay binigyang-diin ang kamalian ng mga estudyante ay natatangi sapagkat ito ay bahagi ng pagkatuto at lubos na makatutulong sa mga guro kung ang mga kamalian ay gamitan ng sistematikong pagsusuri at pagtukoy sa posibleng kamalian. Ayon kay Corder, ito ay binubuo ng apat na kategorya, pagkakaltas, pagdaragdag, maling pagpili ng salita at maling pagkakaayos ng mga salita.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral ang pamamaraang diskurso na ang pokus ay paano makagawa ng epektibong pagpapahayag upang mahadlangan ang mga balakid sa pagtanggap ng mensahe. Nagsilbing tulay namin bilang mga mananaliksik ang pamaraang diskurso upang siyasatin ang pinakaraniwang pagkakamali ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang sa Sekundaryang antas ng *Humanities and Social Sciences (HUMSS-11)*.

### Mga Kagamitan ng Pananaliksik

Dalawampung (20) sulating sanaysay ng mga mag-aaral mula sa Ikalabing-isang Baitang ng *Humanities and Social Sciences* (HUMSS) sa isa sa mga pribadong paaralan sa Dibisyon ng Tagum sa Taong Panuruan 2022-2023 ang pinanggalingan ng pangunahing pinagmulan ng datos. Kami, bilang mga mananaliksik, ay humingi ng awtput sa kanilang guro sa Filipino partikular na yaong mga sanaysay na kanilang sariling gawa alinsunod sa paksang ibinigay ng tagapagturo ukol sa *Kahalagahan ng Pananaliksik sa Pag-unlad ng ating Lipunan*.

### Pagsuri ng Datos

Gumamit ang mga tagapagsuri ng *purposive sampling technique* sa pagpili ng mga partikular na pagkakamali ng mga mag-aaral. Gayundin, bilang mga tagapagsuri ay aming siniyasat ang mga ipinasang sanaysay ng mga estudyante sa kanilang guro batay sa *Target Modification Taxonomy* ni Corder (1973) na may apat na kategorya: pagkakaltas, pagdaragdag, maling pagpili ng salita, at maling pagkakaayos ng mga salita. Kinabibilangan ito ng proseso ng pagtranskrayb, paghahanay, at pag-aayos ng mga datos ayon sa uri ng mga kamalian na natagpuan sa isinumiteng sanaysay ng mga nasa antas Sekundarya ng mga mag-aaral.

## MGA RESULTA

**Talahanayan 1.1 Kamalian sa Pagkakaltas**

| KORPUS<br>Kamalian sa Pangungusap | MODIPIKASYON<br>Pagwawasto sa Kamalian | KLASIPIKASYON<br>Pagsusuri sa Kamalian |
|---|---|---|
| *Kadalasan mas nagiging matalino ang isang tao kapag siya ay masipag sa pagsasaliksik at* ***pag aaral*** *na mga* ***bagay bagay****.* ***(KKS_16)*** | Kadalasan mas nagiging matalino ang isang tao kapag siya ay masipag sa pagsasaliksik at pag aaral ng mga bagaybagay. | Sa salitang "*pag aaral,"* ang unlaping *pag* ay nagtapos sa katinig at ang nilapian nitong salita ay nagsimula sa patinig na nararapat lagyan ng gitling. Isa sa mga tuntunin ng paggamit ng gitling ay ang paglagay nito sa gitna ng salitang-ugat na inuulit. Sa salitang *bagay-bagay*, ito ay nagbibigay-riin sa ideya ng pagkakaroon ng iba't ibang uri ng mga bagay. Kung susundin ang mga tuntuning nabanggit, ang tamang ayos ng mga salita ay *pag-aaral* at *bagay-bagay*. |
| *Mas magiging malalim din ang pag-unawa ng mga* ***mamayan*** *sa mga polisiya at programa.* ***(KKS_5)*** | Mas magiging malalim din ang pag-unawa ng mga mamamayan sa mga polisiya at programa. | Ang salitang "*mamayan*" ay nagkukulang sa katagang *ma*. Walang salitang "*mamayan*" sa palabaybayang Filipino. Kung iwawasto ang kamaliang ito, ang tamang baybay ay *mamamayan* na ang ibig sabihin ay ang katawagan sa isang tao na kasapi ng isang bansa, lipunan o bayan. |
| *Nakaloob sa pananaliksik ang pagkolekta ng mga* ***dato*** *at pati* ***narin*** *ang paglalahad nito.* ***(KKS_13)*** | Nakaloob sa pananaliksik ang pagkolekta ng mga datos at pati na rin ang paglalahad nito. | Walang salitang "*dato*" sa palabaybayang Filipino kung ang ibig ipabatid ng manunulat ay *datos* na ang ibig sabihin ay mga impormasyon o *data* sa Ingles. Gayundin ang ikalawang salitang "*narin*" na walang pakahulugan sa Filipino. Binubuo ito ng *na* at *rin* na nangangahulugang *as well* o *too* sa Ingles. |
| *Nakakatulong ito sa pag-unlad ng ating lipunan dahil sa pamamagitan ng pananaliksik, lumalawak at lumalalim ang* ***karanasan mga tao****.* ***(KKS_1)*** | Nakatutulong ito sa pag-unlad ng ating lipunan dahil sa pamamagitan ng pananaliksik, lumalawak at lumalalim ang karanasan ng mga tao. | Nararapat na mailagay ang pang-ugnay na *ng* sa pagitan ng mga salitang *karanasan* at *mga tao* upang mabuo ang tamang interpretasyon ng mensahe sa sinulat na pahayag. |
| *Ito ang proseso na ginagamit upang* ***malaman, maunawaan*** *ang mga aspeto ng ating lipunan.* ***(KKS_11)*** | Ito ang proseso na ginagamit upang malaman at maunawaan ang mga aspeto ng ating lipunan. | May pagkukulang sa paggamit ng pang-ugnay na *at* sa salitang ginamit sa pangungusap. Kinakailangan ang pangatnig na *at* sa gitna ng mga salitang *malaman* at *maunawaan* imbes na gamitan ito ng kuwit. Ang pangatnig na *at* ay ginagamit bilang pangkabit ng dalawang ideya o kaisipan. |
| *Hindi maiiwasang may mga hamon at suliranin na kinakaharap ang bawat bansa upang makamit ang* ***ganap kaunlaran****.* ***(KKS_5)*** | Hindi maiiwasang may mga hamon at suliranin na kinakaharap ang bawat bansa upang makamit ang ganap na kaunlaran. | Ang pangungusap ay kakikitaan ng pagkakaltas sa isa pang uri ng pang-ugnay na pang-angkop na *na* sa pagitan ng mga salitang *ganap* at *kaunlaran*. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 7| July 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**1.2 Kamalian sa Pagdaragdag (*Addition*)**

| **KORPUS**<br>**Kamalian sa Pangungusap** | **MODIPIKASYON**<br>**Pagwawasto sa Kamalian** | **KLASIPIKASYON**<br>**Pagsusuri sa Kamalian** |
|---|---|---|
| *Ang mga resulta ng pananaliksik ay nagbibigay ng basehan sa mga desisyon na ginagawa ng mga lider ng bansa at ng mga organisasyon sa* ***iba't-ibang*** *sektor ng lipunan.* ***(KKS_12)*** | Ang mga resulta ng pananaliksik ay nagbibigay ng basehan sa mga desisyon na ginagawa ng mga lider ng bansa at ng mga organisasyon sa iba't ibang sektor ng lipunan. | Ang pangungusap ay nagtamo ng kamalian sa pagdaragdag ng gitling sa salitang *iba't-ibang*. Nagmula ito sa *iba at iba* at nilapian ng *-ng*, pinaikli na naging *iba't ibang*. Hindi naman ito inuulit kaya hindi na ito kailangan ng gitling. |
| *Kadalasan ginagamit* ***nating*** *ang sistemang ito upang malaman ang mga bagay na hindi naabot ng ating kamalayan.* ***(KKS_4)*** | Kadalasan ginagamit natin ang sistemang ito upang malaman ang mga bagay na hindi naaabot ng ating kamalayan. | Ang kamalian sa pagdaragdag ng titik '*g*' sa salitang "*nating*" ay ang paggamit ng maling baybay. Ang *natin* ay isang panlaping pang-ukol na ginagamit upang ipahayag ang pagmamay-ari o pagkakaroon ng pangkat. |
| *Mahalaga ang pananaliksik sa ating lipunan kase ito ang paraan upang* ***mailutas*** *natin ang lahat ng ating mga suliranin.* ***(KKS_4)*** | Mahalaga ang pananaliksik sa ating lipunan kasi ito ang paraan upang malutas natin ang lahat ng ating mga suliranin. | Lantarang makikita na ang salitang "*mailutas*" ay isang kamalian sa pagdaragdag ng titik sa salita. Ang wastong baybay ay *malutas* na naaayon sa balarila ng Filipino. |
| *Sa mundo ngayon na puno ng* ***Fake news at*** *maling impormasyon, mahalaga na maging handa tayo sa pagsusuri at pagsusuri ng mga datos.* ***(KKS_11)*** | Sa mundo ngayon na puno ng maling impormasyon, mahalaga na maging handa tayo sa pagsusuri at pagsusuri ng mga datos. | Mapapansin ang paggamit ng salitang magkasingkahulugan na isang halimbawa ng kamalian sa pagdaragdag ng kataga. Sa pamamagitan ng pag-alis ng *fake news* at *pagsusuri* ay naiiwasan ang redundansiya ng salita sa isang pangungusap. |
| *importante ito para sa ating kaalaman dahil****,*** *sa pananaliksik natin malalaman ang sagot sa ating mga tanong.* ***(KKS_8)*** | Importante ito para sa ating kaalaman dahil sa pananaliksik natin malalaman ang sagot sa ating mga tanong. | Ang bantas na kuwit *(,)* ay hindi dapat gamitin pagkatapos ng salitang *dahil* sa pangungusap na isang pang-ugnay na naglalahad ng sanhi o dahilan. Sa tamang pagkakasulat, ang pangungusap na sumusunod pagkatapos ng *dahil* ay dapat magsimula agad nang walang pagitan ng bantas na kuwit. |

**1.3 Kamalian sa Pagpili ng Salita**

| **KORPUS**<br>**Kamalian sa Pangungusap** | **MODIPIKASYON**<br>**Pagwawasto sa Kamalian** | **KLASIPIKASYON**<br>**Pagsusuri sa Kamalian** |
|---|---|---|
| *Dahil ang pananaliksik ay* ***sobrang importante mahalaga ito*** *sa ating pang araw-araw na buhay sapagkat ito ang paraan upang malutas ang ating mga* ***problema****.* ***(KKS_7)*** | Dahil ang pananaliksik ay napakahalaga sa ating pang-araw-araw na buhay sapagkat ito ang paraan upang malutas ang ating mga suliranin. | Ang pagkakamali sa paggamit ng salitang *sobrang* ay isang salitang balbal na hindi angkop sa pormal na pagsulat. Dagdag pa, ang paggamit ng salitang *mahalaga* pagkatapos ng salitang *importante* ay nagdudulot ng redundansiya o kalabisan na paggamit ng salita sa pangungusap. Maaaring alisin ang salitang *importante* at palitan ito ng angkop na salitang *napakahalaga.* |
| *Napaka laking tulong nito upang masagotan ang mga* ***tanong tanong*** *dito sa mundo.* ***(KKS_8)*** | Napakalaking tulong nito upang masagutan ang mga katanungan dito sa mundo. | May kamalian sa pagpili ng angkop na salitang dapat gamitin sa pangungusap. Ginamit ng may-akda ang *tanong tanong* na dapat ay *katanungan*. |
| *Bukod dito, ang mga resulta ng pananaliksik ay maaring magamit upang magbigay ng suporta sa pagpapabuti ng mga* ***polisiya*** *at programa ng pamahalaan.* ***(KKS_5)*** | Bukod dito, ang mga resulta ng pananaliksik ay maaaring magamit upang magbigay ng suporta sa pagpapabuti ng mga tuntunin at programa ng pamahalaan. | Ang salitang *polisya* ay isang hiram na salita mula sa Ingles na may kahulugang *policy*. Bagama't ito ay ginagamit at nauunawaan din sa Filipino, subalit ang mas angkop na salita na nagpapakahulugan sa *policy* ay ang *patakaran* kaya mayroong kamalian sa pagpili ng salita. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 7| July 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| ***Sa pamamagitan****, ang pananaliksik ay nagbibigay ng ebidensya at kaalaman na maaaring mag-udyok sa pagbabago at pag-uunlad ng ating lipunan.* ***(KKS_10)*** | Samakatuwid, ang pananaliksik ay nagbibigay ng ebidensya at kaalaman na maaaring mag-udyok sa pagbabago at pag-uunlad ng ating lipunan. | Sa halip na gamitin ang *Sa pamamagitan*, mas wasto at maayos na gamitin ang *samakatuwid* bilang isang salita na nagpapahayag ng konklusyon o pangkalahatang ideya batay sa mga pahayag na naunang binanggit. |

**1.4 Maling Pagkakaayos ng Salita sa Pangungusap**

| **KORPUS**<br>**Kamalian sa Pangungusap** | **MODIPIKASYON**<br>**Pagwawasto sa Kamalian** | **KLASIPIKASYON**<br>**Pagsusuri sa Kamalian** |
|---|---|---|
| *Nabilis ang pag-unlad sa isang suliranin gamit ang mga bagong metodolohiya batay sa napag-aralan mabilis natutukoy ang mga problema tungkol sa mga isyu na binibigay o naka lagay sa topic.* ***(KKS_2)*** | Mabilis ang paglutas sa isang suliranin gamit ang mga makabagong metodolohiya ng pananaliksik at mas madaling natutukoy ang mga problema tungkol sa partikular na isyu. | Ang salitang "*Nabilis*" ay walang katumbas sa wikang Filipino. Ang tamang salita na nararapat dito ay *mabilis* at mali ang paggamit ng panimulang titik na *n* na dapat ay titik na *m*. Ang salitang *pag-unlad* na pangngalan naman ay dapat papalitan ng *paglutas* dahil tumutukoy ito sa mabilisang pagkuha ng kasagutan sa isang suliranin. |
| *Sa panahong ating ginagalawan kung saan ang* ***Pagbahagi ng impormasyon o paggawa ng impormasyon*** *ay madali na lang at* ***manandalian*** *ay nag reresulta sa pagkalat ng maling impormasyon at* ***kulang sa tamang kaalaman****.* ***(KKS_13)*** | Sa panahong ating ginagalawan, kung saan ang pagbahagi at paggawa ng impormasyon ay madali na lang at mabilisan ay nagreresulta sa pagkalat ng maling impormasyon at kakulangan sa tamang kaalaman. | Ang pangungusap ay nagtamo ng kamalian sa pagkakaayos ng salita dahil sa pag-uulit ng mga salitang *impormasyon* at *manandalian*. Gayundin ang pahayag na *kulang sa tamang kaalaman* ay dapat maging *kakulangan sa tamang kaalaman* upang tamang maipahayag ang ideya ng pagkakaltas sa eksaktong kaalaman. |
| *Mahalaga ang pananaliksik sa pagunlad ng ating lipunan* ***Dahil*** *dito mas mapapalawak pa natin ang ating* ***Kaisipan*** *at karunungan sa ating lipunan.* ***(KKS_7)*** | Mahalaga ang pananaliksik sa pagunlad ng ating lipunan dahil mas mapapalawak pa natin ang ating kaisipan at karunungan. | Ang mga salitang *Dahil*, at *Kaisipan* ay nasa gitna ng pangungusap na ginamitan ng malaking titik. Ito ay isang kamalian dahil hindi ito nararapat na gamitan ng malaking titik. |
| *Ang pananaliksik ay ang pag-aaral sa* ***Lipunan*** *at sa* ***Daigdig****.* ***(KKS_16)*** | Ang pananaliksik ay ang pag-aaral sa lipunan at daigdig. | Nasa gitna ng pangungusap ang mga salitang *daigdig* at *lipunan* kaya nararapat na gamitan ng maliit na titik. Ito ay isang halimbawa ng kamalian sa pagkakaayos ng mga salita partikular na sa paggamit ng malaking titik. |
| *Napakahalaga ng pananaliksik dahil* ***nakakatulong*** *ito sa mga taong wala pang alam.* ***(KKS_1)*** | Napakahalaga ng pananaliksik dahil nakatutulong ito sa mga taong wala pang alam. | Ang *nakakatulong* ay nagmula sa salitang-ugat na *tulong* at hindi *katulong*. Kaya, nararapat na maulit ang unang pantig ng salitang-ugat, hindi ang huling pantig ng unlaping *naka-*. Ang tamang baybay ng salita ay *nakatutulong*. |

## MGA PAGTALAKAY

Batay sa isinagawang pananaliksik, natuklasan na mayroong kamalian sa pagkakaltas ng gitling sa mga dapat gitlingan, pagkakaltas ng titik o mga letra para sa tamang pagbabaybay ng salita at pagkakaltas sa paggamit ng angkop na pang-ugnay sa pangungusap. Ang mga natukoy na kamalian sa kategoryang pagkakaltas ay nagbibigay-raan upang itama ang kanilang mga pagkakamali at matutuhan ang mga wastong tuntunin ng paggamit ng wikang Filipino. Kaakibat nito, sumasang-ayon ang pagsusuring ito sa pag-aaral ni Puspitasari (2019) na ang mga kamaliang mekanikal sa pagsulat ay nakababalakid sa kabuoang pag-unawa ng mag-aaral na maaaring magbunga ng maling interpretasyon na posibleng maghantong sa hindi mabisang pagtatamo ng wika.

Bilang karagdagan, natuklasang may kamalian sa pagdaragdag ng titik, kataga at mga bantas ang mga isinumiteng sanaysay ng mga mag-aaral. Ang pagdaragdag ng mga nabanggit ay maaaring makapagbabago sa kahulugan ng isang salita na makaaapekto sa kabuoang mensahe ng pangungusap. Ang mga mag-aaral ay umaasa sa kinagisnang wika kaya nahihirapan na gamitin nang maayos ang pangalawang wika na pinag-aaralan sapagkat nailalapat nila ang estilo kung paano gamitin ang unang wika kaya nadadala nila sa pagsusulat ng pangalawang wika (Sermsook, Liamnimitr at Pochakorn, 2017).

Lumabas din sa resulta ng pagsuri ang limpak na kamalian sa paggamit ng mga salitang hindi angkop. Karaniwan sa mga

kamalian ng mga mag-aaral ay ang paggamit ng salitang hiram mula sa wikang Ingles kahit na mayroong katumbas ang salitang ginamit sa wikang Filipino. Pabor din ang kinalabasan ng aming pag-aaral sa isinagawang pagsusuri ni Aspili (2005), nabatid na isa sa mga dahilan ng pagkakamali ng mga mag-aaral sa pagsulat ng mga komposisyon ay nauugnay sa kakulangan ng kaalaman sa mga patakaran ng gramatika sa wikang Filipino.

Dagdag pa rito, mahalaga ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga salita upang magkaroon ng organisasyon at istruktura ang isang pangungusap. Ang mga pagkakamaling natuklasan ay ang hindi tama at maayos na pagkakabuo ng pangungusap, maling paggamit ng malalaking titik, at maling anyo ng pag-uulit ng mga kataga at salita. Ang mga ito ay nagpapakita ng kumplikadong estruktura ng panggramatika ng wikang Filipino. Kaya, napakahalaga na isaalang-alang ang tamang estruktura ng pangungusap sa Filipino dahil ito ang batayan ng mabuting komunikasyon at pag-unawa ng mga mensahe. Ipinahayag ni San Juan (2008) na ang pagsulat ay may katangiang masining. Ito ay nangangahulugang ang pagsulat ay dapat gawin nang maayos, malinaw at tama upang maipahayag nang wasto ang mga kaisipan na may kapaki-pakinabang.

**Mga Implikasyon sa Kasanayan sa Pagtuturo**

Ang pagsusuring ito ay magiging susi sa pagbukas ng isipan sa lahat ng gurong nagtuturo at Pilipinong mag-aaral na ang balarilang Filipino ay tunay na mahirap ituro at pag-aralan dahil ito ay nangangailangan ng teknikal na pag-unawa. Kaya, nangangailangan ito ng buong pagsisikap upang maunawaan ang mga tuntunin ng balarila. Mahalagang gumamit ang mga guro ng tamang estratehiya, dulog at pamamaraan sa layuning maging matagumpay ang pag-aaral kahit na gagamit ng modernong paraan dahil nakasalalay sa mga guro ng wika ang pagkatuto ng mga estudyante.

Samakatuwid, magsisilbing tulay ang pagsusuring ito upang mabigyan ng lubusang diin sa pagtuturo nang wasto gamit ang balarilang Filipino dahil ito ang nagpapatunay na marami ang nangangailangan ng gabay sa pagtamo ng karampatang kakayahan at kaalaman sa pagsulat ng sanaysay gamit ang wikang Filipino.

**Mga Rekomendasyon para sa Higit pa na Pananaliksik**

Para sa lahat ng tagapagsuri sa hinaharap, ang pagsusuring ito ay maaaring maging batayan nila upang maisakatuparan ang ibang layunin ng pananaliksik na pumapatungkol sa kamaliang natamo sa pagsusulat ng mga estudyante. Maaari ring isagawa sa kaparehong layunin ng pag-aaral sa ibang paaralan o lugar upang malaman kung mayroon din bang mga mag-aaral na nagkakaroon ng kamalian katulad ng resulatang lumabas sa pag-aaral na ito.

**Talasanggunian**

1. *Aspili, S.M. (2005). Pagsusuri ng mga karaniwang kamalian sa pagsulat ng komposisyon. Northwestern University.*
2. *Corder, S. P. (1973). Introducing applied linguistics. Middlesex: Penguin.*
3. *Dolor, H. (2019). Epekto ng lingguhang pagdyudyurnal sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay n g mga mag-aaral sa Filipino 10. https://tinyurl.com/msznr2h4*
4. *Galingana, G. (2019). Kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa University of Perpetual Help System-Cauayan City, Isabela. https://tinyurl.com/2p9dj536*
5. *Puspitasari, D. (2019). Mechanical errors in academic writing: A case study at English language education department of UIN Sunan Ampel Surabaya. Unpublished Undergraduate Thesis, UIN Sunan Ampel Surabaya.*
6. *Sermsook, K., Liamnimitr, J., & Pochakorn, R. (2017). An analysis of errors in written English sentences: A Case Study of Thai EFL Students. English Language Teaching, 10(3), 101. https://tinyurl.com/4crkz6ha*
7. *Syed, A.S., Amin, T. & Ishtiaqh, M. (2020). Punctuation errors in writing: A comparatively study of student's performance from different Pakistani Universities.*